# Para sa mga nais Pumasok sa Pampublikong Senior High School sa Aichi Prefecture sa taong 2024
# (Para sa mga 3rd Year Junior High School na mag-aaral)

Ang papel na ito ay ginawa para sa mga 3rd Year Junior High School na mag-aaral at kanilang mga magulang o tagapag-alaga.

Simula sa SY 2024 entrance examination, sisimulan na ang web application system web-based na sistema ng aplikasyon na nagbibigay-daan sa online na aplikasyon para sa lahat ng mga kurso at lahat ng mga entrance exam.

**Iskedyul ng entrance examination para taong 2024**

| | Full-time Course | Part-time Course | Correspondence Course |
|---|---|---|---|
| **Enero・Pebrero** | **Recomendation entrance exam (*suisen*), Entrance exam para sa mga dayuhang mag-aaral, Entrance exam para per unit sa kursong full-time**<br>①**Panahon ng aplikasyon**<br>Mula Enero 25 (Huwebes) hanggang Pebrero 1 (Huwebes)<br>②**Interview/Evaluation**<br>Pebrero 6 (Martes)<br>※Sa ilang mga paaralan ay gaganapin rin ito sa Pebrero 1 (Miyerkules)<br>③**Pag-anunsyo ng mga pumasa**<br>Pebrero 8 (Huwebes)<br>**Pangkalahatang Entrance exam(*ippan*)/ Entrance exam para sa mga mag-aaral na bumalik galing ibang bansa**<br>① **Panahon ng aplikasyon**<br>Pebrero 6 (Martes) hanggang Pebrero 14 (Miyerkules)<br>② **Pagbabago ng aplikasyon**<br>Pebrero 15 (Huwebes)<br>③ **Written exam**<br>Pebrero 22 (Huwebes)<br>④ **Panayam/Espesyal na evaluation**<br>Group A Pebrero 6 (Lunes)<br>Group B Pebrero 27 (Martes)<br>※Ang Espesyal na evaluation ay gaganapin sa ilang kurso. | **Unang Entrance examination**<br>① **Panahon ng aplikasyon**<br>Mula Enero 22 (Lunes) hanggang Pebrero 5 (Lunes)<br>② **Pagbabago ng aplikasyon**<br>Pebrero 6 (Martes)<br>③ **Written exam**<br>Pebrero 9 (Biyernes)<br>④ **Pag-anunsyo ng resulta**<br>Pebrero 15 (Huwebes) | **Unang Entrance examination**<br>① **Panahon ng aplikasyon**<br>Mula Enero 15 (Lunes) hanggang 22 (Lunes)<br>② **Evaluation**<br>Enero 28 (Linggo)<br>③ **Pag-anunsyo ng resulta**<br>Enero 31 (Miyerkules) |
| **Marso** | ⑤ **Pag-anunsyo ng resulta**<br>Marso 8 (Biyernes)<br>**Ikalawang Entrance exam**<br>※Ito ay gaganapin sa mga paaralan at kursong may bakante pa matapos ang pangkalahatang entrance exam.<br>① **Panahon ng aplikasyon**<br>Mula Marso 8 (Biyernes) hanggang Marso 12 (Martes)<br>② **Pagbabago ng aplikasyon**<br>Marso 13 (Miyerkules)<br>③ **Written exam**<br>Marso 14 (Huwebes)<br>④ **Pag-anunsyo ng resulta**<br>Marso 15 (Biyernes) | **Ikalawa at huling entrance exam**<br>① **Panahon ng aplikasyon**<br>Mula s Marso 5 (Martes) hanggang Ika-12 ng Marso (Martes)<br>② **Pagbabago ng aplikasyon**<br>Ika-13 ng Marso (Miyerkules)<br>③ **Written exam**<br>Marso 14 (Huwebes)<br>④ **Pag-anunsyo ng resulta**<br>Marso 15 (Biyernes) | **Ikalawang Pagpili**<br>① **Panahon ng aplikasyon**<br>Mula Marso 11 (Lunes) hanggang 18 (Linues)<br>② **Evaluation**<br>Ika-21 ng Marso (Huwebes)<br>③ **Pag-anunsyo ng resulta**<br>Marso 22 (Biyernes) |

◯ **Collaborative -type Selection/Entrance exam**

Isinusulong ito sa Fukue Senior High School (regular na kurso), Shinshiro Yukyokan Tsukude High School (Human and Nature studies) at Prefectural Taguchi High School (General Studies/Forestry Department) na kabilang sa mga paaralang may koordinasyon sa seleksyong ito.

① **Panahon ng aplikasyon** Mula Enero 22 (Lunes) hanggang Enero 26 (Biyernes)
② **Interview at iba pa** Enero 30 (Martes)
③ **Pag-anunsyo ng resulta** Enero 31 (Miyekules)

| Konsiderasyon para sa mga may mga kapansanan na nagnanais pumasok sa high school(Kasama ang nagkasakit at pinsala dahil sa aksidente) |
|---|

◯ Pagkatapos gawin ang mga kinakailangang konsiderasyon batay sa "Aplikasyon para sa konsiderasyon para sa Entranc exam," ang mga konsiderasyon tulad ng paglilipat ng mga upuan, paggamit ng mga pantulong na kagamitan, pagbabago ng paraan ng pagsusulit sa English listening comprehension, at pagtatalaga ng mga nars ay gagawin sa panahon ng written exam at interview.

| Tungkol sa paraan ng entrance exam para sa mga matagal na lumiban sa paaralan at iba pa (Kasama ang mga nag-graduate noong nakaraang taon) |
|---|

◯ Ito ay ipinapatupad sa lahat ng mga paaralan at kurso para sa pangkalahatang entrance exam para sa mga full-time high school (*zennichi*), part time high school (*teiji-sei*) at Correspondence (*tsushin-sei*) at saklaw ang mga hindi pumasok sa mga klase sa mahabang panahon dahil sa hindi maiiwasang mga pangyayari.

◯ Mangyaring sumangguni sa homeroom teacher kung nais sumailalim nito.

**Aichi Prefecture Board of Education ・ Nagoya City Board of Education ・Toyohashi City Board of Education**

Recommendation type Selection (Suisen) ng mga aplikante na may "Namumukod-tanging katangian, kapus-palad ngunit nagsisikap, at pagiging isang huwaran para sa iba sa pag-aaral at ugali sa buhay."

- ◯ Ang pamantayan sa pagpili para sa pampublikong full-time high school na recommendation selection sa mga sa prefecture na ito ay "Namumukod-tanging katangian, napagtagumpayan ang mga challenges, at pagiging isang huwaran para sa iba sa pag-aaral at ugali sa buhay."
  Ang tinutukoy na "kapus-palad ngunit nagsisikap" sa recommendation selection ay ang sitwasayon kung saan ang magulang o tagapag-alaga ay saklaw ng alinman sa mga kondisyon (1) hanggang (3) sa sumusunod na talahanayan, o mga mga sitwasyon kung saan ang aplikante ay saklaw ng kondisyon (4). Ang mga dokumentong magpapatunay ng dahilan o sitwasyon ay tulad ng nasa column ng"Mga patunay na dokumento".
- ◯ Maaaring mag-aplay para sa recommendation selection sa pamamagitan ng pagsumite ng kahilingan mula sa magulang o mismong aplikante at ang Junior high school principal ang mag-iimbestiga at mag-aapruba kung bibigyan ng recommendation ang bata. Sa mga nagnanais nito, sabihan lamang ang homeroom teacher at ipasa ang mga "Patunay na dokumento" na nasa ibaba sa loob ng itinakdang panahon ng paaralan. Kung naaprubahan ang aplikasyon, mangyaring irehistro ang mga data ng mga dokumentong isinumite sa paaralang gamit ang web application system sa panahon ng aplikasyon.

| Kondisyon | Patunay na dokumento |
|---|---|
| (1) Mga taong nasa ilalim ng proteksyon (*seikatsu-hogo*) gaya ng tinukoy sa Arktikulo 6 Seksyon 1 ng Batas sa Proteksyong Pangkabuhayan (Act No. 144 ng Taong Shouwa 25) | (1) Isang dokumento na nagpapatunay na tumatanggap ng proteksyong pangkabuhayan na inisyu ng welfare office o dokumentong naiisyu na at maaaring patunayan na tumatanggap ng proteksyon. |
| (2) Mga taong hindi nagbabayad ng municiapl residential tax alinsunod sa mga lokal na batas sa buwis (Act No.226 ng taong Shouwa 25) o nagbabayad lamang ng per capita rate ng municipal residence tax. | (2) "Tax exemption certificate (*hikazeishoumeishou*)" mula sa munisipyo o "Taxation certificate(*kazeishoumeisho*)" o "Municipal residence tax payment amount notice" |
| (3) Mga pamilyang natatanggap nang buo ang Child dependent Allowance (*jidou fuyou teate*) alinsunod sa "Child dependent Allowance Law" (Act No. 238 of taong shouwa 36 ). (Maliban sa pamilyang bahagya lamang ang natatanggap) | (3) Sertipiko ng Child dependent Allowance (*jidou fuyou teate shoumeisho*) na inisyu ng mayor ng munisipalidad (kabilang ang direktor ng isang welfare office na itinatag ng prefecture o munisipalidad) |
| (4) Mga bata na nakonsidera na hindi nakakatanggap ng aruga ayon sa Artikulo 27, Seksyon 1, Paragraph 3 ng "Batas sa Kapakanan ng Bata" (Act No. 164 ng taong Shouwa 22) | (4) Sertipiko o dokumento na nagpapatunay na mula sa "Direktor ng Opisina ng paggabay sa bata(*jidou soudanjo*)" o "Opisina para sa Kapakanan ng bata" |

(Paalala)

1 Sa kondisyon (2), ang dokumento ng parehong magulang (tatay at nanay) ay dapat na nakarehistro bilang patunay na mga dokumento.

2 Ang mga patunay na dokumento ay dapat pinakabago (latest) na mga dokumento para sa panahon ng aplikasyon.

3 Sa Prefectural Senior High School, ang mga dokumentong nagpapatunay sa (2) at (3) ay maaaring gamitin para mag-aplay ng exemption sa bayarin sa pagpasok kung walang pagbabago sa sitwasyon ng pamumuhay mula sa nakaraang taon.
Sa Senior High School sa Nagoya City, ang mga dokumentong nagpapatunay sa (1) hanggang (3) ay maaaring gamitin para mag-aplay ng exemption sa bayarin sa pagpasok kung walang pagbabago sa sitwasyon ng pamumuhay sa panahon ng aplikasyon.

Tingnan ang aming home page para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga pampublikong Senior High School at entrance examination.

◯ Home page ng Aichi Prefecture Board of Education

- https://www.pref.aichi.jp/soshiki/kotogakko/0000027366.html
  Makikita ang impormasyon tungkol sa Entrance exam para sa taong Reiwa 6 (2024) at kalagayan ng pagbabago ng aplikasyon sa taong Reiwa 5 (2023).
- https://www.pref.aichi.jp/soshiki/kotogakko/senmonkyouiku.html
  [Mga materyales sa paggabay para sa pagpasok sa kursong nakatuon sa edukasyong bokasyonal]

◯ Home page ng Public Senior High School sa Nagoya City

- https://www.nagoya-c.ed.jp/highschool/

Para sa katanungan tungkol sa entrance exam sa public senior high school, tawagan ang:

Aichi Prefecture Board of Education Senior High School Department,
Grupong gumagabay sa karera ng mga bata
Tel# 052 - 954 – 6786 (dial-in)